



Sheppard Pratt		Orihinal na Petsa: 12/01/2005
		Petsa ng Huling Pagrebisa: 2/26/2026
Seksyon: Mga Rutinang Operasyon - Finance	Numero ng Patakarán: HS-130.4	Petsa ng Huling Pagsusuri: 1/26/2021
Pamagat: Pinansyal na Tulong – Patient Financial Services		Pahina: 1 ng 12

ENTIDAD NA KORPORASYON:

- | | | |
|--|--|---|
| <input checked="" type="checkbox"/> Lahat | <input type="checkbox"/> Non-Contracted Services, LLC | <input type="checkbox"/> Sheppard Pratt Physicians, P.A |
| <input type="checkbox"/> Alliance, Inc. | <input type="checkbox"/> Sheppard and Enoch Pratt Foundation, Inc. | <input type="checkbox"/> Sheppard Pratt Properties, LLC |
| <input type="checkbox"/> Family Services, Inc. | <input type="checkbox"/> Sheppard Pratt Health System, Inc. | <input type="checkbox"/> Way Station, Inc. |
| <input type="checkbox"/> Mosaic Community Services, Inc. | | <input type="checkbox"/> Iba pa: _____ |

DEPARTAMENTO:

- | | | |
|---|--|---|
| <input type="checkbox"/> Administratibo | <input type="checkbox"/> Facilities Engineering | <input type="checkbox"/> Infection Control |
| <input type="checkbox"/> Lahat | <input checked="" type="checkbox"/> Finance | <input type="checkbox"/> Information Technology |
| <input type="checkbox"/> Clinical | <input type="checkbox"/> Food Services | <input type="checkbox"/> Marketing |
| <input type="checkbox"/> Compliance | <input type="checkbox"/> Health Information Management | <input type="checkbox"/> Mga Kawaning Medikal |
| <input type="checkbox"/> Corporate Governance | <input type="checkbox"/> Human Resources/Occupational Health | <input type="checkbox"/> Pamublikong Kaligtasan |
| <input type="checkbox"/> Environmental Services | | <input type="checkbox"/> Transportasyon |

MGA PROGRAMA AT SERBISYO:

- | | | |
|--|--|--|
| <input type="checkbox"/> Koordinasyon ng Pangangalaga at mga Serbisyo sa Tahanan | <input type="checkbox"/> Mga Serbisyo sa Kapansanan sa Pag-unlad | <input type="checkbox"/> Mga Serbisyong Residensyal at mga Nakaprogramang Gawain sa Buong Araw |
| <input type="checkbox"/> Mga Suporta sa Komunidad at Pamilya | <input type="checkbox"/> Pag-eempleyo at Pagsasanay sa Trabaho | <input type="checkbox"/> Mga Serbisyo sa Paaralan at mga Serbisyong Nakabase sa Paaralan |
| <input type="checkbox"/> Krisis at Pagtanggap para sa Pagpapatingin/Inpatient | <input type="checkbox"/> Mga Serbisyo sa Pabahay at Kawalan ng Tirahan | <input type="checkbox"/> Pamamahala ng Therapy at Gamot |
| | <input type="checkbox"/> Mga Serbisyo sa Inpatient at mga Espesyal na Serbisyo | <input checked="" type="checkbox"/> Hindi Nauugnay sa Anumang Programa |

LAYUNIN:

Upang itaguyod ang pamantayan sa pagiging karapat-dapat at proseso para sa aplikasyon/pag-apruba ng kawanggawang tulong para sa mga konsyumer ng Sheppard Pratt.

PAHAYAG TUNGKOL SA PATAKARAN:

Patakarán ng Sheppard Pratt na magkaloob sa mga pasyente ng pinakamataas na kalidad ng mga pangangalaga at serbisyo. Upang tulungan ang aming mga pasyente, bibigyan ng tulong pinansyal ang mga pasyente na hindi makapagbayad para sa mga serbisyong ipinagkaloob at nakakatugon sa pamantayang itinaguyod sa patakarán sa tulong pinansyal (financial assistance policy, FAP) na ito anuman ang lahi, kulay, relihiyon, ninuno o bansang pinagmulan, kasarian, edad, katayuan sa pag-aasawa, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan ng kasarian, genetic information, o kapansanan.

MGA DEPINISYON:

Amounts Generally Billed (AGB): Mga halagang sinisingil sa pangkalahatan para sa pangangalaga sa emerhensya o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga sa mga indibidwal na may insurance na sumasaklaw sa naturang pangangalaga, gaya ng ipinaliwanag nang higit pa sa Seksyon 3 dito,

Code Seksyon 501(r): Ang Seksyon 501(r) ng Internal Revenue Code at ang mga regulasyon na ipinalaganap sa ilalim nito, na inaamyenda paminsan-minsan.

Emerhensyang Pangangalaga: Agarang pangangalaga na kailangan upang maiwasan ang paglalagay sa kalusugan ng pasyente sa malubhang panganib, malubhang kapansanan sa mga pagkilos ng katawan, at/o malubhang hindi tamang paggana ng anumang organo o parte ng katawan.

Kahirapang Pinansyal: Medical na utang (mga gastusin mula sa sariling bulsa, hindi kasama ang mga copayment, coinsurance, at deductible, para sa mga medikal na gastos na sinisingil ng ospital) na natamo ng pamilya sa loob ng 12 buwan na lampas sa 25% ng kita ng pamilya,

Mga Kabuuang Singil: Ang buong halaga na sinisingil ng Sheppard Pratt para sa mga serbisyo bago ilalapat ang anumang diskwento, kontraktwal na allowance, o mga pagbabawas.

Sambahayan: Sa pagtukoy ng kita ng pamilya/sambahayan ng pasyente, ang isang sambahayan ay dapat binubuo ng pasyente at sinuman sa mga sumusunod na indibidwal: (i) isang asawa, di alintana kung inaasahang maghain ng magkasamang tax return ng pederal o estado ang pasyente at asawa; (ii) biyolohikal na mga anak, inampong mga bata, o stepchildren; at (iii) para kanino man naghahabol ng personal na eksempsyon ang pasyente sa isang tax return ng pederal o estado. Para sa pasyente na isang bata, ang sambahayan ay binubuo dapat ng bata at ng mga sumusunod na indibidwal: (i) biyolohikal na mga magulang, mga nag-ampong magulang, o stepmother/stepfather o mga tagapag-alaga (guardian); (ii) biyolohikal na mga kapatid, mga inampong kapatid o mga kapatid sa pag-aampon; o (iii) mga stepbrother/stepsister; at (iii) para kanino man naghahabol ng personal na eksempsyon ang magulang o tagapag-alaga ng pasyente sa isang tax return ng pederal o estado,

Medikal na Kinakailangang Pangangalaga: Mga serbisyo o pangangalaga na (i) direktang nauugnay sa paggamot na dayagnostiko, pag-iwas, paggamot, pagbibigay-ginhawa (palliative), panrehabilitasyon, o pampabuti ng kondisyon ng isang sakit, pinsala, kapansanan, o kondisyong pangkalusugan; (ii) alinsunod sa mga tinatanggap na pamantayan ng mabuting medikal na gawi; at hindi pangunahin para sa kaginhawahan ng pasyente, ng pamilya ng pasyente, o ng provider.

Pasyente: Ang mga taong nakakatanggap ng pangangalagang pang-emerhensya o medikal na kinakailangan sa Sheppard Pratt, at ang taong pinansyal na responsable sa pangangalaga ng pasyente.

Mga Taong Tumatanggap ng Pangangalaga: mga kliyente, pasyente, residente, o estudyante

Ipinagpapalagay na Pagiging Karapat-dapat (Presumptive Eligibility): Ang proseso kung saan maaaring gamitin ng Sheppard Pratt ang nakaraang mga pagpapasya sa pagiging karapat-dapat at/o impormasyon mula sa mga mapagkukunan maliban sa indibidwal upang matukoy ang pagiging karapat-dapat para sa tulong pinansyal.

Uninsured (Walang Insurance): Mga pasyenteng walang insurance o tulong ng third party upang matulungan na maresolba ang kanilang pananagutang pinansyal sa mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.

Underinsured (Kulang ang Insurance): Mga pasyenteng may limitadong pagsaklaw sa pangangalagang pangkalusugan, o pagsaklaw na nag-iiwan sa pasyente ng pananagutan mula sa sariling bulsa at sa gayon ay maaari pa ring mangailangan ng tulong pinansyal.

Responsableng Partido: Patungkol sa mga serbisyong ipinagkakaloob ng Sheppard Pratt, ang pasyente, tagapaggarantiya ng account, o iba pang (mga) taong responsable sa pagbayad ng naturang mga serbisyo.

MGA PATNUBAY:

I. Pangkalahatang Pamantayan

Kabilang sa mga serbisyong karapat-dapat para sa tulong pinansyal ang mga serbisyong natukoy ng Sheppard Pratt na pang-emerhensyang pangangalaga o medikal na kinakailangang pangangalaga.

Ilang partikular na serbisyo na hindi itinuturing na pang-emerhensyang pangangalaga o medikal na kinakailangang pangangalaga, na tinukoy ng Sheppard Pratt sa tanging pagpapasya nito, na hindi kwalipikado para sa tulong pinansyal sa ilalim ng FAP na ito. Kabilang sa mga hindi kasamang serbisyo ang, ngunit hindi limitado sa, mga elektibong serbisyo, (mga) Programang Pang-edukasyon, ang Retreat, at nauugnay na mga serbisyo sa transisyon sa buhay, pati mga pantulong na serbisyo na nauugnay sa mga nabanggit na kategorya.

Bilang karagdagan, maaaring karapat-dapat ang populasyon sa Quaker sa hiwalay at/o karagdagang tulong sa ilalim ng hiwalay na Quaker Financial Assistance Policy ng Sheppard Pratt. Para sa higit na impormasyon tungkol sa Quaker Financial Assistance Policy, tawagan ang Patient Financial Services Department.

Kung walang mga hindi inaasahang pangyayari, gaya ng tinukoy ng Sheppard Pratt, ang pinansyal na tulong na ibinibigay ng Sheppard Pratt sa ilalim ng FAP na ito ay sekundaryo sa lahat ng iba pang third party at mga pinansyal na mapagkukunan ng pasyente, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, insurance sa sahod ng manggagawa, Medicaid, at iba pang mga programang lokal, pang-estado, o pederal ("Third-Party Assistance"). Ang sinumang pasyente na hindi magbigay o tumanggap magbigay ng hinihiling na impormasyon sa Sheppard Pratt ay maaaring ituring na hindi karapat-dapat para sa tulong pinansyal sa ilalim ng FAP na ito sa tanging pagpapasya ng Sheppard Pratt. Bilang katulad, ang isang pasyente na nagbigay ng hindi totoo o mapanlinlang na impormasyon kaugnay ng FAP na ito ay maaaring ituring na hindi karapat-dapat para sa tulong pinansyal sa ilalim ng FAP na ito sa tanging pagpapasya ng Sheppard Pratt.

II. Pamantayang Pinansyal

Ang mga pasyenteng hindi insured o kulang ang insurance ay maaaring karapat-dapat para sa tulong pinansyal base sa ilang partikular na pamantayang pinansyal, limitasyon, at pagbubukod, gaya ng nakasaad sa ibaba:

- A. Libreng Pangangalaga. Ang mga pasyenteng may kita ng sambahayan na nasa o mas mababa sa 200% ng mga Pederal na Patnubay sa Kahirapan (Federal Poverty Guidelines), na kinalkula sa oras ng serbisyo, o inudpate, kung naaangkop, para isama ang anumang pagbabago sa mga pinansyal na kalagayan ng pasyente na naganap sa loob ng 240 araw pagkatapos maibigay ang unang bill sa ospital, ay maaaring makatanggap ng libreng pangangalaga (isang 100% diskuwento).
- B. Mas Murang Pangangalaga. Ang mga pasyenteng may kita ng sambahayan na mas mababa sa 300% ng mga Pederal na Patnubay sa Kahirapan, na kinalkula sa oras ng serbisyo, o inupdate, kung naaangkop, para isama ang anumang pagbabago sa mga pinansyal na kalagayan ng pasyente na naganap sa loob ng 240 araw pagkatapos maibigay ang unang bill sa ospital, ay maaaring makatanggap ng mas murang pangangalaga mula sa mga gastusin ng pasyente mula sa sariling bulsa para sa nireregulahan na serbisyo ng ospital alinsunod sa mga sumusunod na sliding scale:
1. 75% na diskuwento para sa pasyente na may kita ng pamilya na hindi bababa sa 201% ngunit hindi hihigit sa 250% ng mga Pederal na Patnubay sa Kahirapan,
 2. 60% na diskuwento para sa pasyente na may kita ng pamilya na hindi bababa sa 250% ngunit hindi hihigit sa 300% ng mga Pederal na Patnubay sa Kahirapan,
- C. Mas Murang Pangangalaga para sa Kahirapang Pinansyal. Ang mga pasyente na nakakaranas ng kahirapang pinansyal at may kita ng pamilya na mas malaki sa 300% pero hindi hihigit sa 500% ng mga Pederal na Patnubay sa Kahirapan ay maaaring makatanggap ng mas murang pangangalaga sa gastusin mula sa sariling bulsa ng pasyente para sa nireregulahan na serbisyo ng ospital alinsunod sa mga sumusunod na sliding scale:
1. 75% na diskuwento para sa pasyente na may kita ng pamilya na hindi bababa sa 201% ngunit hindi hihigit sa 250% ng mga Pederal na Patnubay sa Kahirapan,
 2. 60% na diskuwento para sa pasyente na may kita ng pamilya na hindi bababa sa 250% ngunit hindi hihigit sa 300% ng mga Pederal na Patnubay sa Kahirapan,
 3. 50% na diskuwento para sa pasyente na may kita ng pamilya na hindi bababa sa 300% ngunit hindi hihigit sa 350% ng mga Pederal na Patnubay sa Kahirapan,
 4. 45% na diskuwento para sa pasyente na may kita ng pamilya na hindi bababa sa 350% ngunit hindi hihigit sa 400% ng mga Pederal na Patnubay sa Kahirapan,

5. 40% na diskuwento para sa pasyente na may kita ng pamilya na hindi bababa sa 400% ngunit hindi hihigit sa 450% ng mga Pederal na Patnubay sa Kahirapan.
 6. 35% na diskuwento para sa pasyente na may kita ng pamilya na hindi bababa sa 450% ngunit hindi hihigit sa 500% ng mga Pederal na Patnubay sa Kahirapan.
- D. Kung ang isang pasyente ay nakatanggap ng mas murang pangangalaga dahil sa isang kahirapang pinansyal gaya ng nakasaad sa itaas, ang pasyente o sinumang agarang miyembro ng pamilya ng pasyente na nakatira sa parehong sambahayan:
1. ay mananatiling karapat-dapat para sa mas murang pangangalaga kapag humihingi ng kasunod na pangangalaga sa panahon ng 12 buwan simula sa petsa kung kailan unang natanggap ang mas murang pangangalaga; at
 2. Upang maiwasan ang hindi kinakailangang pagdodoble ng pagtukoy ng Sheppard Pratt ng pagiging karapat-dapat para sa libre at mas murang pangangalaga, ay ipaalam sa Sheppard Pratt ang tungkol sa pagiging karapat-dapat ng pasyente o kapamilya para sa mas murang pangangalaga.

Sa kabila ng mga pamantayan sa itaas. Ang mga pasyente na may naipong asset na pera ng sambahayan ay lilimitahan sa mas mababang diskuwento na ibinibigay sa itaas o 50% diskuwento. Para sa mga layunin ng asset test na ito, ang mga sumusunod na asset ay hindi isasama mula sa nabanggit na hangganan: mga asset sa pagretiro na ginawaran ng Internal Revenue Service ng preferential tax treatment bilang retirement account, kabilang ang mga plano ng ipinagpalibang pagbabayad na kwalipikado sa ilalim ng Internal Revenue Code o hindi kwalipikadong mga plano ng ipinagpalibang pagbabayad,

Ang isang pasyente na ang kita at mga asset ay lampas sa itinaguyod na mga patnubay sa pagiging karapat-dapat ngunit sinasabi na hindi siya makapagbayad ng lahat o bahagi ng kanyang balanse sa account ay maaaring sumailalim pa sa ebalwasyon depende sa bawat kaso. Tutukuyin ang pagiging karapat-dapat sa buo o bahagyang tulong pinansyal pagkatapos magbigay ng pagsasaalang-alang sa kabuuang pinansyal na kalagayan ng pasyente pati na rin pagsasaalang-alang ng mga hindi inaasahang kalagayan. Kabilang sa karagdang pamantayan na ginagamit para matukoy ang katayuan sa pagiging karapat-dapat ang katayuan sa trabaho, kapasidad na kumita sa hinaharap, at iba pang mga pinansyal na mapagkukunan. Ang mga pasyenteng hindi kwalipikado para sa tulong pinansyal ay karapat-dapat para sa plano ng pagbabayad na alinsunod sa hiwalay na patakaran sa pagsingil at pagkolekta ng Sheppard Pratt (Tingnan ang Seksyon 9 sa ibaba),

Kapag tinutukoy ang pagiging karapat-dapat ng pasyente, hindi isinasaalang-alang ng Sheppard Pratt ang citizenship o katayuan sa imigrasyon ng pasyente. Higit pa rito, hindi na ipagkakait ng Sheppard Pratt ang tulong pinansyal o tatanggihan ang aplikasyon para sa tulong pinansyal batay sa lahi, kulay, relihiyon, ninuno o bansang pinagmulan, kasarian, edad, katayuan sa pag-aasawa, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan ng kasarian, genetic information, o kapansanan.

III. Proseso ng Pagtukoy ng Pagiging Karapat-dapat

Kapag nagsusumite ng aplikasyon para sa tulong pinansyal, ang Sheppard Pratt ay ang: (i) magtutukoy kung ang pasyente ay may insurance sa kalusugan; (ii) magtutukoy kung ang pasyente ay ipinagpapalagay na karapat-dapat para sa libre o mas murang pangangalaga sa ilalim ng Maryland law, (iii) magtutukoy kung ang mga walang insurance na pasyente ay karapat-dapat para sa pampubliko o pribadong insurance sa kalusugan; (iv) sa lawak na praktikal, mag-aalok ng tulong sa mga pasyenteng walang insurance kung pinili ng pasyente na mag-apply para sa pampubliko o pribadong insurance sa kalusugan; (v) sa lawak na praktikal, magtutukoy kung karapat-dapat ang pasyente para sa iba pang pampublikong programa na maaaring tumulong sa mga gastusin sa pangangalagang pangkalusugan: at (vi) gagamit ng impormasyon na taglay ng Sheppard Pratt, kung available, upang matukoy kung ang pasyente ay kwalipikado para sa libre o mas murang pangangalaga sa ilalim ng FAP ng Sheppard Pratt.

IV. Pagtukoy ng Halaga ng Tulong Pinansyal

Sa sandaling maitaguyod ang pagiging karapat-dapat para sa tulong pinansyal, hindi sisingilin ng Sheppard Pratt ang mga pasyenteng karapat-dapat para sa tulong pinansyal na higit sa mga halagang karaniwang sisingil (amounts generally billed o AGB), sa mga pasyenteng may insurance para sa pangangalagang pang-emerhensya o medikal na kinakailangan (ang "limitasyon ng AGB"). Sa lawak na naaangkop, ang maximum na babayaran ng pasyente para sa Mas Murang Pangangalaga ay hindi hihigit sa halagang katumbas ng mga singil ng Sheppard Pratt na bawas ang patong ng Sheppard Pratt para sa naturang pangangalaga (tingnan ang susunod na talata para sa impormasyon tungkol sa patong o mark-up).

Alinsunod sa Maryland law, ang mga singil kung saan malalapat ang diskuwento ay itinatakda ng ahensya na nagreregula ng rate sa Maryland na kilala bilang Health Services Cost Review Commission ("HSCRC") at pareho para sa lahat ng nagbabayad, sa gayon, sa lawak na naaangkop. Ang AGB ay tinutukoy sa ilalim ng prospektibong pamamaraan at nakabatay sa mga rate na itinaguyod ng HSCRC para sa Health System. Higit pa, hindi naglalapat ang Health System ng mark-up o iba pang fee sa mga rate na itinaguyod ng HSCRC.

V. Pag-apply para sa Tulong Pinansyal

Ang mga pagtukoy para sa tulong pinansyal ay nangangailangan na magsumite ang mga pasyente, kabilang ang mga responsableng partido, ng kumpletong aplikasyon para sa pinansyal na tulong kabilang ang lahat ng sumusuportang dokumentasyon na kinakailangan ng aplikasyon at maaaring mangailangan ng mga appointment o talakayan sa kinatawan ng Patient Financial Services Department ng Sheppard Pratt. Ang mga pasyente ay kakailanganin na magbigay ng kinakailangang impormasyon at dokumentasyon kapag nag-aapply para sa tulong pinansyal. Ang impormasyong kinakailangan ay nakatukoy sa aplikasyon at ang mga panuto para dito.

Ang mga aplikasyon para sa tulong pinansyal na nasa file sa Sheppard Pratt ay maaaring gamitin para sa panahon na hanggang 12 buwan pagkatapos ng petsa ng pagsusumite kung hindi nagbago ang mga pinansyal na kalagayan. Bilang karagdagan, isasaalang-alang ng Sheppard Pratt para sa pagiging karapat-dapat ang lahat ng account (kabilang ang bad debt) sa oras ng serbisyo o 240 araw pagkatapos maibigay ang unang bill.

Tinatanggap ang mga aplikasyon para sa tulong pinansyal sa anumang punto ng billing cycle, kabilang ang pagkatapos ng pagtatalaga sa isang collection agency o iba pang third party. Gayunpaman, ang mga pasyente na may, o karapat-dapat para sa, Third-Party Assistance ay dapat mag-apply muna para sa at gamitin muna ang naturang Third-Party Assistance bago ipoproseso/isasaalang-alang ang aplikasyon para sa tulong pinansyal sa ilalim ng FAP na ito, gaya ng tinukoy sa tanging pagpapasya ng Sheppard Pratt.

VI. Abiso ng Pag-apruba o Pagtanggihan ng Tulong

Aabisuhan ng Patient Financial Services department ang pasyente nang nakasulat sa loob ng 14 na araw mula ng pagkakatanggap ng nakumpletong aplikasyon para sa tulong pinansyal kung inaprubahan o tinanggihan ang aplikasyon at sususpendihin ang anumang aksyon sa pagsingil o pangongolekta habang tinutukoy ang pagiging karapat-dapat. Kung inaprubahan ang aplikasyon, nakasaad sa sulat ang halaga ng tulong na inaprubahan. Kung tinanggihan ang aplikasyon, ang dahilan ng pagtanggihan ay ibibigay sa sulat na ito. Para sa mga hindi kumpletong aplikasyon, ang mga pasyente ay bibigyan ng nakasulat na listahan ng impormasyon at/o dokumentasyon na kailangan pa para kumpletuhin ang aplikasyon para sa tulong pinansyal at kung saan isusumite ang kulang na impormasyon.

Kabilang sa mga dahilan para sa pagtanggihan ang:

- Hindi kumpletong impormasyon sa aplikasyon.
- Sobrang kita o mapagkukunan.

VII. Mga Apela

Ang lahat ng pasyente na natukoy na hindi karapat-dapat para sa tulong pinansyal o karapat-dapat para sa mas mababa sa pinakamalaking halaga ng tulong (100%) na maaari sa ilalim ng Financial Assistance Policy (FAP) na ito ay bibigyan ng 30 araw upang magsumite ng apela para humiling ng higit na tulong pinansyal. Ang pasyente ay maaaring magpresenta ng karagdagang impormasyon sa panahong ito para suportahan ang kanyang kahilingan.

Ang Maryland Health Education and Advocacy Unit (HEAU) ay available para tulungan ang mga pasyente sa pag-file at mediation (pamamagitan) ng isang kahilingan para sa muling pagsasaalang-alang. Ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa HEAU ay:
HEAU Hotline:

Lunes-Biyernes am-4:30pm 410-528-1840

Toll free: 1-877-261-8807

Fax: 410-576-6571

heau@oag.state.md.us

www.marylandattorneygeneral.gov/pages/cpd/heau/default.aspx

Ang mga reklamo kaugnay ng mga diumano'y paglabag ng Maryland Code Sec, 19-214.1 o 19-214.2 ay puwedeng magkasamang maihain ng pasyente o kanyang awtorisadong kinatawan sa HSCRC (Health Services Cost Review Commission) at sa HEAU (Health Education and Advocacy Unit) sa pamamagitan ng email sa hscrc.patient-complaints@maryland.gov.

VIII. Ipinagpapalagay na Pagiging Karapat-dapat

Sa ilang partikular na kalagayan na itinuturing na makatwiran at kauna-unawa, ang kawalan ng aplikasyon para sa tulong pinansyal at sumusuportang dokumentasyon ay hindi nangangahulugan na magreresulta sa pagtanggì sa tulong. Kung ang isang pasyente ay hindi makapagbibigay ng sapat na impormasyon upang suportahan ang pagiging karapat-dapat sa tulong pinansyal, maaaring sumangguni o umasa ang Health System sa mga panlabas na mapagkukunan at/o iba pang mga mapagkukunan sa pagpapatala sa programa upang matukoy kung ang pasyente ay kwalipikado para sa ipinagpapalagay na pagiging karapat-dapat. Maliban kung nakasaad sa ibaba, ang ipinagpapalagay na pagiging karapat-dapat ay sasaklaw lamang sa partikular na petsa ng serbisyo sa pasyente. Ang pagtukoy ng ipinagpapalagay na pagiging karapat-dapat ay ibabase sa mga sumusunod na pamantayan:

- Mga Pasyenteng Karapat-dapat sa Medicaid. Ang mga balanse para sa isang pasyente na kasalukuyang karapat-dapat para sa buong pagsaklaw ng Medicaid, ngunit hindi karapat-dapat noong petsa ng serbisyo.
- Walang tirahan ang pasyente.

- Ang isang pasyente na may hindi magandang credit report o iba pang impormasyong pinansyal mula sa third party.
- Pumanaw na pasyente na walang mga ari-arian (estate assets).
- Pasyenteng karapat-dapat sa Medicaid sa labas ng estado na kasalukuyang naninirahan sa labas ng Maryland.

Bilang karagdagan, ang isang pasyenteng hindi karapat-dapat para sa Maryland Medical Assistance Program o Maryland Children's Health Program ay magiging kwalipikado para sa ipinagpapalagay na karapat-dapat kung naaangkop ang alinman sa mga sumusunod na pamantayan

- Nakatira sa isang sambahayan na may anak na naka-enroll sa libre at mas murang pagkain at karapat-dapat para sa programa batay sa kita ng sambahayan.
- Tumatanggap ng mga benepisyo sa pamamagitan ng pederal na Programang Tulong sa Karagdagang Nutrisyon (Supplemental Nutrition Assistance Program).
- Tumatanggap ng mga benepisyo sa pamamagitan ng Programang Tulong sa Enerhiya (Energy Assistance Program) ng Estado.
- Tumatanggap ng mga benepisyo sa pamamagitan ng pederal na Special Supplemental Food Program para sa mga Kababaihan, Sanggol, at Bata,
- Tumatanggap ng mga benepisyo mula sa anumang iba pang programa ng serbisyong panlipunan na itinakda ng Maryland Department of Health at ng HSCRC.

IX. Paglathala ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong

Ang FAP ng Sheppard Pratt, aplikasyon para sa tulong pinansyal, at buod sa simpleng wika (kabilang ang mga pagsasalin) ay makukuha ng mga pasyente kapag hiniling at ito ay libre lamang. Bilang karagdagan, ang mga serbisyo sa pagsasalin para sa Spanish, Russian, Korean, Mandarin (Chinese), Tagalog, Urdu, Vietnamese, at French, pati na rin ang iba pang mga wika ay maaaring hilingin para sa mga pasyenteng nangangailangan ng tulong sa wika (nakabatay sa availability at iskedyul).

Maaaring humiling ng FAP, application form para sa pinansyal na tulong, at buod sa simpleng wika sa mga sumusunod na lokasyon ng Sheppard Pratt:

- Mga Lugar ng Pagrehehistro at Pag-admit para sa Pagpapatingin/Inpatient ng Pasyente
- Kagyat na Pangangalagang Saykayatriko (Psychiatric Urgent Care)
- Patient Financial Services Department (Towson, Maryland)

Sa panahon ng pagrerehistro ng pasyente para sa mga inpatient na serbisyo sa ospital, makakatanggap ang pasyente ng pakete na may buod ng FAP na nasa simpleng wika.

Ang FAP, aplikasyon para sa tulong pinansyal, at ang buod sa simpleng wika ay ipinamamahagi sa pamamagitan ng koreo kapag hiniling sa telepono sa mga sumusunod na numero:

- Patient Financial Services Department - (410)-938-3370 o toll free sa 1-(800)-264-0949
- Bawat collection agency kung saan ipinapasa ng Sheppard Pratt ang mga account

Makikita rin ng mga pasyente ang FAP, ang aplikasyon para sa tulong pinansyal, at ang buod na nasa simpleng wika online sa website ng Health System:

- www.sheppardpratt.org/patient-care-and-services/resources/financial-support/

Bukod pa rito, ipinapaalam ng Sheppard Pratt ang pagkakaroon ng tulong pinansyal sa mga sumusunod na paraan:

- Abiso sa lahat ng billing statement para sa pasyente
- Signage na nakapaskil sa mga lugar ng pagrerehistro at pagtanggap ng pasyente para sa pagpapatingin/inpatient
- Signage na nakapaskil sa Kagyat na Pangangalagang Saykayatriko (Psychiatric Urgent Care)
- Mga polyeto para sa pasyente na nagbuod ng FAP at kung paano mag-apply para sa tulong na inaalok kapag naospital
- Mga karagdagang pagsisikap sa pakikipag-ugnayan sa publiko

X. Mga Pagkilos Kung Sakaling Hindi Magbayad

Ang mga aksyon sa pangongolekta na maaaring gawin ng Sheppard Pratt kung ang isang aplikasyon para sa tulong pinansyal at/o bayad ay hindi natanggap ay inilalarawan sa isang hiwalay na patakaran sa pagsingil at pangongolekta. Sa madaling salita, magsasagawa ang Sheppard Pratt ng ilang pagsisikap upang mabigyan ang mga pasyente ng impormasyon tungkol sa FAP bago magsagawa ng ilang partikular na aksyon upang maningil. Ang mga balanseng ipinasa sa isang collection agency ay karapat-dapat pa rin para sa pagbawas ng tulong pinansyal kung natutugunan ang mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat. Ang patakaran sa pagsingil at pangongolekta (kabilang ang mga pagsasalin) ay maaaring makuha sa parehong paraan at sa parehong mga lokasyon na ibinigay sa Seksyon VII sa itaas.

XI. Mga Karapat-dapat na Tagapagkaloob ng Serbisyo

Kasama sa pangangalagang ibinibigay ng Sheppard Pratt ang lahat ng pang-emerhensiya at medikal na kinakailangang pangangalaga na ibinibigay ng sinumang mga tagapagkaloob ng serbisyo na nakalista sa ibaba at sakop din ng FAP na ito:

Sheppard Pratt Health System, Inc.
Sheppard Pratt, P.A.
Mosaic Community Services, Inc.
Way Station, Inc.
Family Services, Inc.

MGA SANGGUNIAN:

HINDI NAAANGKOP

MGA KALAKIP:

Patakaran sa Tulong Pinansyal para sa Pasyente – Buod sa Simpleng Wika